
Appendix C: Araling Panlipunan (AP) teacher's manual



HEKASI SERYE 5
MAKABAYAN: KASAYSAYANG PILIPINO
Manwal ng Guro para sa Ikalimang Baitang
*Ikalimang Baitang*
Binagong Edisyon 2010

ISBN 978-971-0422-94-4

Karapatang-ari © 2010 ng **LG&M Corporation** at ni **Alvenia P. Palu-ay.**

**Reserbado ang lahat ng karapatan.** Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o ilabas sa anumang anyo, kasama na rito ang sa pelikula, nang walang nakasulat na pahintulot ang tagapaglathala at ang may-akda. Hindi sakop ng karapatang-ari ang suring-aklat na ilalathala sa mga pahayagan at magasin.

Inilathala at inilimbag sa Pilipinas ng **LG&M Corporation**

**Punong Tanggapan:**
*Manila:* ✉ G. Araneta Ave. cor. Ma. Clara St., Quezon City

**Tanggapang Panrehiyon:**
*Cebu:* ✉ 0290 Nivel Hills, Lahug, Cebu City
*Davao:* ✉ Kalamansi St. cor. 1st Avenue,
Juna Subdivision, Matina, Davao City

**MAY-AKDA AT LUPON NG PRODUKSIYON**

**May-akda:** Alvenia P. Palu-ay


**Lupon ng Produksiyon:** *Manager:* Lita T. Espino; *Production Coordinator:* Ma. Elsy A. Vinluan; *Supervising Editor:* Beatriz C. Alegre; *Project Coordinator:* Jennifer J. Fernandez; *Prepress Coordinator:* Geraldine Anne R. Peña

## Paunang Salita

Mahalagang malaman ng guro na bagama't itinuturo nang hiwalay o may takdang oras ang mga kasanayan sa Musika, Sining, at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan (MSEP), ang mga asignaturang ito ay isinasanib din kung akma sa mga aralin sa HEKASI lalo na kung makatutulong sa kawilihan ng mga bata sa paglinang ng mga kaisipan sa kabanata.

Patuloy namang isinasanib sa lahat ng pagkakataon sa paglinang ng kasanayan ang Edukasyon sa Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali (EKAWP). Iniuugnay ito sa tema ng aralin. Itinuturo rin nang hiwalay ang Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ang mga bahaging ito ay bumubuo sa asignaturang Makabayan sa ika-apat, ikalima, at ika-anim na baitang. Kaagapay o kahanay ng Makabayan ang mga asignaturang English, Filipino, Science and Health, at Mathematics sa pagbuo ng Basic Education Curriculum (BEC) na ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) sa kasalukuyan.

Narito ang krokis.




Sa pasimula ng bawat yunit sa manwal, mapapansin sa unang tingin ang mga aralin sa yunit at ang mga isinasanib na gawain sa MSEP at EKAWP na sangkap sa bawat aralin. Inilahad ang balangkas na parang gulong upang ipahiwatig ang patuloy na paggamit ng mga gawain kung saan angkop itong estratehiya sa paglinang ng aralin.

## Mga Bahagi ng Manwal

**Pamagat ng Yunit**

- Panimula (Pananaw o buod)
- Layuning Panlahat (Para sa yunit)
- Paglulunsad ng Yunit

**Pamagat ng Kabanata**

I. Pangunahing Kaisipan

II. Paksa

III. Kagamitan (Batayang-sanayang aklat)

Sanggunian

IV. Layuning Tiyak

A. Pangkaalaman

B. Pandamdamin

C. Pangkasanayan

V. Pamamaraan

A. *Paghahanda*

Pagganyak/balik-aral/balitaan

B. *Paglinang ng Aralin*

1. Dito isinasanib ang mga gawain sa MSEP sa pagtalakay ng aralin sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya na magpapakita ng interaksiyon ng mga bata. *(Integrative)*
2. Ang pangkatang gawain ay magpapakita naman ng pagtutulungan o kooperasyon ng magkakapangkat sa paglutas ng suliranin at sa pagbuo ng takdang gawain o proyekto. Magagamit din ang kasanayan ng ibang asignatura upang pagtibayin ang nabuong kaisipan sa paglalapat nito sa tunay na buhay. *(Collaborative)*
3. Kailangang maging kaugalian ng mga bata ang pakikipag-ugnayan at pakikisama sa kapangkat at maging sa kapwa mag-aaral sa mga gawaing:
   a. pananaliksik;
   b. pakikipanayam; at
   c. pagbuo sa takdang gawain na kasama ang kamag-aral, kaibigan, kamag-anak, magulang, o kabarangay.
4. Gawin ang halimbawa at di-halimbawa sa paglinang ng kaisipan. Magbigay ng tatlo o higit pang mga pagsasanay.
5. Habang nililinang o itinuturo ang aralin, isinasanib ang mga gawain sa MSEP na ibinigay sa aklat sa bawat aralin. Magsaliksik pa sa katulad na gawain. Layunin nitong pasiglahin ang pag-aaral sa kawili-wiling paraan tungo sa lubusang pagkatuto ng kasanayan.



C. *Pagpapahalaga*

1. Sa lahat ng gawain ay isasanib ang pagpapahalagang akma sa aralin.
2. Gawin din ang estratehiya sa pagpapahalaga tulad ng *role playing* o dula-dulaan at paraan sa pagpapahiwatig ng damdamin.

D. *Pangwakas na Gawain*

1. Magtanong na ang sagot ay makabubuo ng paglalahat o kongklusyon.
2. Gawin din ang *retrieval chart* kung kailangan.

E. *Paglalapat ng Kasanayan*

1. Maipahihiwatig ang antas ng kaalaman ng bata sa pagsasagawa ng natutuhang kasanayan.
2. Alamin sa *Sulyap sa Kabanata* kung ano ang makakayang gawin nang nag-iisa o nang may kasama.

F. *Pagtataya*

1. Gawin ang pagtatanong habang nagtuturo upang matiyak kung nakasusunod ang mga bata sa dapat nilang matutuhan na ibinigay sa mga tiyak na layunin.
2. Ito ang pagsubok na ibinigay sa *Sulyap na Aralin.* Maaaring dagdagan pa ito upang masukat kung lubusang natuto ang mag-aaral.

VI. Takdang Aralin

Batay sa kinalabasan ng pagtataya ang ibibigay na gawain na kailangan pa ng bata. Maaaring ito ay gawaing-bahay na kasama ang mga magulang na kailangan ng mga bata bilang kanilang patnubay.

VII. Karagdagang Gawain

A. Patuloy na pananaliksik na hinihingi ng aralin

B. Pagsasagawa ng proyekto na maaaring katulungin ang mga magulang o kapatid

C. Pagsasanib ng kasanayan sa Filipino tulad ng pagbuo ng tugma, pagsulat ng sanaysay o maikling kuwento kung akma sa aralin

D. Pagpapatuloy ng gawain sa sining kung ito ay paglikha

E. Pag-aaral ng sayaw, awit, at tula na maipakikita sa gagawing palatuntunan sa paaralan

**Lagumang Pagsubok**

Ito ay pagtataya sa mga natutuhan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa buong yunit.

***Ang May-akda***